- 31 - Pagdating ng karagdagang Pangkat ng mga Amerikano (Gen. Arthur McArthur)

Agosto

- 10 -Protocol of Peace
- 12 -Deklarasyon ng pagtatapos Ng Digmaang Spain-US ni Pangullong McKinley
- 13 -Kunya-kunyariang Labanan sa Maynila (Mock Battle) Paghalili ni Gob. Fermin Jaudenes kay Agustin

Setyembre

- 15 - Kongreso ng Malolos Apolinario Mabini bilang Pangulo ng Kongreso
- 29 - Ratipikasyon ng proklamasyon ng Kalayaan noong Hunyo 12.

Nobyembre

- 29 -Ratipikasyon ng Konstitusyon ng Malolos Diyembre
- 10 -Kasunduan sa Paris

1899

Enero

- 4 -Proklamasyon ni Otis (mula Sa benevolent Assimilation Ni McKinley)
- 5 - Manifesto ni Aguinaldo

- f. Sa pagtalakay ng Digmaang Pilipino-Amerikano, iminumungkahing basahin ang “The Filipino-American Hostilities” mula sa History of the Filipino People, 8th edition ni Teodoro Agoncillo, pahina 213-231; at ang “The Continuing Resistance (1901-1913)” sa pahina 247 – 297.

- g. Maaaring ibigay na takdang-aralin ang paglikha ng sariling timeline ng mga kaganapan ukol sa Digmaang Pilipino-Amerikano gamit ang mga impormasyong nakalap sa Batayang-aklat: Pilipinas, Isang Sulyap at Pagyakap pahina 169 -176 at 180- 186.

Pagbasa at Pagsuri ng mga Sipi

Imperyalismo at Layunin ng United States na nakasaad sa Proklamasyong Benevolent Assimilation at iba pang sanggunian

Sanggunian 1 - Benevolent Assimilation ni Pangulong William McKinley

- a. Ipabasa ang Sanggunian 1 sa mga mag-aaral.
- b. Bigyang-diin sa mga mag-aaral ang mga salita sa Glosari
- c. Ibigay na takdang-aralin ang Gawain 1A at 1B.
- d. Maaaring magsagawa ng malayang talakayan habang iwinawasto ang mga sagot ng mag-aaral sa Gawain 1A at 1B.

Mga Inaasahang Sagot

Gawain 1A Iyong Alamin.

1. Isinulat at ipinahayag ni Pangulong William McKinley ng United States noong ika-21 ng Disyembre 1898 at ipinahayag sa Pilipinas ni Hen. Otis noong ika-4 ng Enero 1899.
2. Ito ay para sa mga Pilipino, bilang opisyal na pagpapahayag ng United States ng kanilang pag-angkin sa bansang Pilipinas.

3 a-e

- a. Kapangyarihan ng United States
 - Pagpapatupad ng kapangyarihan ng United States sa Pilipinas bilang kapalit ng Spain.
 - Pagtatatag ng pamahalaang Amerikano sa Pilipinas.
 - Pagsugpo sa mga hadlang sa pagkakaroon ng tahimik at matatag na pamahalaan para sa mga Pilipino sa ilalim ng mga Amerikano.
 - Na ang kapangyarihan ng US ay dapat palaganapin sa Pilipinas matapos ang pananakop ng Spain upang pangalagaan ang kaligtasan ang mga Pilipino at kanilang ari-arian kasama ang kanilang mga karapatan, at upang maiwasan ang kaguluhan at mga sagabal sa pagkakaloob ng isang mabuti at matatag na pamahalaan sa Pilipinas ayon sa paggabay ng US.
- b. Dahilan ng pananakop ng United States:
 - Pakikipagkaibigan ng United States sa Pilipinas bilang pagbibigay proteksyon sa mga karapatan at kalayaan ng mga katutubo (Pilipino)
 - Pagsisiguro ng pamahalaang militar ng United States dito sa Pilipinas na maipatupad ang misyong pagpapairal ng katarungan at ng batas.

- Dumating at sinakop ng US ang ating bansa upang pangalagaan ang ating pamamahay, hanapbuhay at karapatang personal at relihiyon.

c. Patakaran ng United States sa pamahalaan at pagbabayad ng buwis

- Pamamahala ng kasama ang mga katutubo (Pilipino) na nanumpa ng katapatan sa United States.
- Pagbabayad ng buwis ng at mga pananagutan ng mga katutubo (Pilipino) sa pamahalaang Amerikano.
- Kailangang ang mga nagnanais mamuno sa ating pamahalaan ay dapat magsagawa ng panunumpa sa kapangyarihan ng US. Ang mga bayarin sa buwis ay ay babayaran sa ilalim ng otoridad ng US.

d. Patakaran ng United States sa mga pagmamay-ari ng lupa sa Pilipinas at mga pribadong indibidwal:

- Pagkakaroon ng kontrol ng United States sa mga pagmamay-ari ng estado (Pilipinas) tulad ng transportasyon.
- Pagkuha ng nasa tamang kaparaanan o legal at kung kinakailangan lamang sa mga pribadong pagmamay- ari at may kapalit na sapat o katumbas na halaga.
- Ang lahat ng pampublikong ari-arian, kita, paggamit at pamamahala ng pampublikong transportasyon ay nasa ilalim ng otoridan ng US. Ang pagmamay-ari ng pribadong lupa ay dapat igalang ng US. Kung ang mga pribadong lupa ay kukunin at gagamitin sa pangmilitar na layunin, ang mga may-ari ng lupa ay dapat bayaran ayon sa tamang halaga nito.

e. Ugnayang panlabas at kalakalan:

- Pagkakaroon ng buwis (taripa) sa mga inaangkat na produkto.
- Ang ugnayang panlabas ay nakabatay sa pagpapalitan ng kalakalan sa mga kaibigang bansa at ang mga kalakal na papasok sa Pilipinas ay dapat magbayad ng buwis.

Gawain 1B Think Tank.

1. Malaya ang mga mag-aaral na makapagpahayag ng kanilang mga opinyon at saloobin sa matalinong paggabay ng guro. (Hal. Ang Pilipinas ay nasakop muli at nawalan ng pagkakataon ang mga Pilipino na pamunuan nang nagsasarili ang ating bansa.)
2. Malaya ang mga mag-aaral na makapagpahayag ng kanilang mga opinyon at saloobin sa matalinong paggabay ng guro. (Hal. Oo, sapagkat ayon sa sipi ay bibigyan ng proteksyon ang mga karapatan ng mga Pilipino. Hindi, dahil ang pamamahala ng ating bansa ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng US.)
3. Malaya ang mga mag-aaral na makapagpahayag ng kanilang mga opinyon at saloobin sa matalinong paggabay ng guro. (Hal. Hindi sapagkat kung tunay na kaibigan ang US, hindi dapat nila tayo sinakop bagkus ay tinuruan lamang tayo ng mga kaalaman at pamamaraan upang pamahalaanan nang mabuti at nagsasarili ang ating bansa.)
4. Ang pananakop sa ating bansa ng mga Amerikano.

Gawain 2A Hatiin sa 2 pangkat ang klase para sa debate at gamitin ang paksang “Proklasmasyong Benevolent Assimilation : Nakabuti ba o nakasama sa Pilipinas”

- Gabayan ang mga mag-aaral sa tamang pamamaraan ng pormal na debate. Bigyang-diin ang paggalang sa pananaw ng bawat isa at pananatiling magalang sa pananalita.
- Gamitin ang *rubric* para sa debate na makikita sa modyul. Ipaliwanag ang mga pamantayan at mga krayterya na nakapaloob sa *rubric*.
- Sa pagkakataong kukulangin sa oras ang pagdaraos ng debate sa loob ng klase, maaaring ibigay ito bilang takdang aralin ng pangkat. Iparekord ang *video* ng debateng isinagawa ng pangkat. Maaring iproseso ito sa susunod na pagkikita.

Sanggunian 2 - Political Cartoon

- Ipakilala ang Sanggunian 2 sa pamamagitan ng pagbasa sa introduksyon.
- Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang pagmasdan nang mabuti ang *political cartoon*.
- Ipasagot ang Gawain3 a-c:

Mga Inaasahang Sagot

Gawain 3 Tala-isipan.

Mga tauhan at bagay	Salita o parirala
1. Isang batang katutubo	1. To Spain
2. Talampas na may malalim na bangin	2. What will he do?
3. Matandang lalaki na naka-amerikana	3. The eyes of the world are upon him – Minneapolis Tribune
4. Pananda na may nakasulat na “To Spain”	
5. Mga bato	
6. Mundong may katawang tao	

A. Kahulugan o simbolismo

- Katanungang nakatuon kay McKinley tungkol sa kanyang pagpapasya sa gagawin sa Pilipinas
- kumakatawan sa buong mundo na nag-aabang sa plano ng US sa dating kolonya ng Spain- ang Pilipinas
- Pangulong McKinley (pangulo ng United States) na matamang nag-iisip ng kanyang gagawin sa Pilipinas; kung ito ba ay ibabalik sa Spain na katumbas ng paghulog o pagtulak sa bata sa isang malalim na bangin
- Isang batang katutubo: kumakatawan sa batang Republika ng Pilipinas na nag-aabang din sa plano ng US.
- sumisimbolo sa bansang Spain

6. talampas at bangin: ang madilim na karanasan ng Pilipinas sa kamay ng Spain noon na maaaring maulit kung pababayaang ng US ang Pilipinas.
- B. Emosyon
1. Pag-uusisa o kuryusidad; nag-aabang
 2. Agam-agam sa pagbuo ng desisyon ; pangungumbinsi at pagmamalasakit;
 3. Pangangamba sa kapalaran; takot sa maaaring mangyari
- C. Himukin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang opinyon o saloobin. Tanggapin ang iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral.

Gawain 4 Poli-Toon .

- a. Magpagawa o magpaguhit ng *political cartoon* na nagpapakita ng kanilang saloobin bilang isang Pilipino tungkol sa *Benevolent Assimilation*.
- b. Ipaliwanag ang mga pamantayan na nakapaloob sa rubric para sa paggawa ng political cartoon. Ito rin ang isaalang-alang sa pagmamarka ng output.
- c. Ipabahagi sa klase ang kani-kanilang political cartoon. Ang pinakamahusay na gawa ay maaaring itanghal sa museo ng paaralan o ipaskil sa bulletin board.

Alternatibong Gawain / Takdang-Aralin/Proyekto

- Matapos ang pagtalakay sa Paksa 1, hikayatin ang mga mag-aaral na lumikha ng kani-kanilang **Flip-top verse / rhyme** na nagpapahayag ng kanilang natutuhan at saloobin sa konsepto ng imperyalismong US. Maaari itong gawing performance sa klase o i-video at i-upload sa facebook account ng klase. Paalalahanan ang mga mag-aaral ukol sa responsableng paggamit ng facebook.
- **News clippings.** Atasan ang mag-aaral na kumopya o gumupit ng mga news clippings tungkol sa kasalukuyang ugnayan ng United States at Pilipinas at pasulatin ng maikling reaksyon ukol dito. Gamiting halimbawa ang sumusunod na paksa: Posisyon ng US sa isyu ng West Philippine Sea, VFA (Balikatan Exercises), Pagtapon diumano ng waste materials ng mga barko ng US sa mga dagat ng Pilipinas, at iba pa.

Posisyon ng Anti-Imperialist League

Sanggunian 3 – Pabalat ng isang polyetong ginamit ng Anti-Imperialist League

- a. Ipakilala ang Sanggunian 3 sa pamamagitan ng pagbasa sa introduksyon.
- b. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang basahin at suriing mabuti ang pabalat ng polyeto.
- c. Ipasagot ang Gawain 5A-B:

Mga Inaasahang Sagot

Gawain 5A Think Tank

- Maaaring gawing malayang talakayan o oral ang pagsagot sa Gawain 5A

halimbawa:

Pang-ilang Serye o bilang ng polyeto?

Saan ginamit ang polyeto?

Kailan ginamit ang polyeto?

Sino ang naglathala o naglimbag ng polyeto?

Kailan nalimbag?

- Ipasuri sa mga mag-aaral ang Sanggunian 3 sa pamamagitan ng pagsagot sa tsart.
 - Hatiin sa dalawang pangkat (2) pangkat ang klase.
 - Ipaliwanag na ang kanilang marka ay nakabatay sa dalawang bahagi. Ang *individual output* at *group output*. Ang bawat mag-aaral ay magpapasa ng kanyang nabuong tsart sa papel. Pagsasama-samahin ito ng lider ng bawat pangkat. Para sa *group output*, magkaroon ng *brainstorming* upang makagawa ang pangkat ng isang tsart hango mula sa mga naging sagot ng bawat isa.
 - Ipasulat ang tsart sa cartolina (ang bawat pangkat ay may takdang kulay na gagamiting cartolina). Upang maging organisado at makatipid sa oras, atasan ang bawat pangkat ng isang (1) tagapagsalita para sa pagbabahagi ng kanilang *output*.
 - Ipaliwanag ang mga pamantayan na nakapaloob sa rubric para sa pangkatang gawain. Ito rin ang isaalang-alang sa pagmamarka ng output.

- Ipaalala ang kahalagahan ng pagkakaisa, kooperasyon at paggalang sa pananaw ng bawat kasapi sa paggawa ng Pangkatang Gawain. (cooperative learning)

Inaasahang Sagot

Gawain 5B Sa iyong Palagay?

1. Ginamit nila ang mga winika ng mga kilala at mga maimpluwesyang tao sa kasaysayan ng US upang mas makahikayat ng mga kasama at mapalakas ang pwersa laban sa imperyalismo.

Upang tutulan ang lumalaganap na kaisipang imperyalismo sa US sa pamamagitan ng paggamit ng mga winika ni Lincoln at Henry ukol sa pagpapahalaga sa kalayaan.

2. -Marami sa mga miyembro ng AIL ay mga mahuhusay na manunulat at mamamahayag. Ginamit nila ang polyeto, aklat, pahayagan at mga political cartoons upang maipahayag ang kanilang mga mensahe sa mas nakararaming mamamayan. Ito rin ay isang paraan upang mas maging malawak at mabilis ang pagpapakalat ng kanilang kampanya laban sa Imperyalismo.

-Sapagkat isa itong epektibong instrumento upang ipahayag ang saloobin ng mga nagtataguyod ng isang kaisipan o adhikain katulad ng sa AIL

3. Hayaang magbigay ang mga mag-aaral ng kani-kanilang saloobin at pananaw sa matalinong paggabay ng guro.
 4. Hayaang magbigay ang mga mag-aaral ng kani-kanilang saloobin at pananaw sa matalinong paggabay ng guro.
- e. Bago magsimula ang pagbabahagi ng bawat pangkat, ipakilala ang dalawang impluwensyal na tao sa AIL - Abraham Lincoln at Patrick Henry. Isalaysay o talakayain sa klase ang kanilang kontribusyon sa kasaysayan ng United States. (Basahin ang Dagdag kaalaman tungkol sa Anti-Imperialist League na nasa Panimula.)

Inaasahang Sagot

Pangkatang Gawain

- a. -Walang sinuman ang may karapatan o kapangyarihan upang pamunuan ang ibang tao lalo't gayong may pagtutol ito. Hindi ito maituturing na pamumuno bagkus isang paniniil at pagsupil sa kalayaan at karapatan ng isang tao sa pamamahala sa kanyang sarili.

- Ito ay nangagahulugan ng mataas na pagpapahalaga ni Lincoln ukol sa kalayaan. Ayon sa kanya, kung ang isang pamahalaan katulad ng sa US ay pinamamahalaan ang kanyang bansa ngunit namamahala din ng ibang bansa, ito ay masasabing hindi tunay na pamahalaang nagsasarili bagkus ito'y isang pamahalaang sumusupil ng kalayaan.

Pag-uugnay sa imperyalismong US: Ang United States ay walang karapatan na sakupin ang Pilipinas. Hindi matuturing na makatarungan para sa mga mamamayan ng Pilipinas na sila ay ipasailalim sa dayuhan. Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino kaya makatwiran lamang na ang pamamahala sa bansa ay nasa mga Pilipino na siyang tunay na diwa ng kalayaan at demokrasya.

- b. -Ang pagmamahal at paniniwala sa kalayaan ay isang aral o pagpapahalaga na mula sa Diyos. Ang pakikipaglaban upang makamit ang kalayaan ay ang pinakamahalagang pamana ng tao saan mang bahagi ng mundo. Ang pagkakait sa kalayaan ng iba ay kawalan ng karapatan sa sariling kalayaan at hindi hahayaan ng isang makatarungang Diyos.

-Ito ay nangangahulugan na ang mga taong nagkakait ng kalayaan ng iba ay walang karapatang maging malaya at mapanatili ang kalayaang ito sa kanyang sarili.

-Pag-uugnay sa Imperyalismong US: Ang kalayaan ay itinuturing na biyaya mula sa Diyos. Masasabing hindi nila lubos na sinasang-ayunan ang manifest destiny o pagkakatadhana ng Diyos sa US upang manakop.

f. Pagbubuo sa Gawain

Isulat sa pisara o cartolina ang maikling talata na nasa ibaba. Isulat lamang ang mga salitang **hindi nakasalungguhit**. Gabayan ang mga mag-aaral upang mabuo ang diwa ng talata.

Panuto: Kumpletuhin ang mga pangungusap upang mabuo ang diwa.

Ang Anti-Imperialist League ay binubuo ng mga manunulat, politiko, mambabatas, lider ng iba't ibang samahan (manggagawa, magsasaka) at mamamahayag bilang mga kasapi. Ito ay may layuning labanan at tutulan ang imperyalismo. Ang AIL ay gumamit ng iba't ibang paraan tulad ng mga pampublikong pagpupulong, pamamahagi ng mga polyeto, paglalathala ng mga aklat, pahayagan at mga babasahin upang maipalaganap ang kanilang mga layunin at makakuha ng suporta sa iba't ibang bahagi ng US.

Gawain 5C Info-Ad

- a. Hatiin ang klase sa 5 pangkat at magpagawa ng isang *campaign poster* na naglalarawan ng pakikipaglaban o pagkikiisa sa adhikain ng Anti-Imperialist League. Maaring maging takdang-aralin o proyekto ng mga mag-aaral.
- b. Ibigay ang mga kakailanganing kagamitan sa paggawa ng *campaign poster*.
- c. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga pamantayan na nakapaloob sa rubric para sa paggawa ng *campaign poster*. Ito rin ang isaalang-alang sa pagmamarka ng output.
- d. Ibahagi sa klase ang gawa ng bawat pangkat.
- e. Iproseso ang Gawain gamit ang mga gabay na tanong.
 - Ano ang naging karanasan ninyo sa paggawa ng *campaign poster*?
 - Sa inyong palagay, paano nakatulong ang inyong *campaign poster* upang maipahayag ang inyong pagtutol o pakikiisa sa Anti-Imperialist League?
 - Kung ang Anti-Imperialist League ay nabuo sa kasalukuyan, ano kaya ang iba pang paraan na maaari nilang gamitin upang higit na mabilis at malawak maipararating ang kanilang panawagang pagkilos laban sa imperyalismo?
 - Maaaring magdagdag ang guro ng mga tanong upang mapagyaman ang talakayan.

Posisyon ng Republika

Sanggunian 4 – Manifesto ni Emilio Aguinaldo

- a. Ipabasa ang Sanggunian 4.
- b. Bigyang-diin ang mga salita sa Glosari.
- c. Maghanda ng mga *metacards* na gagamitin sa pagsagot sa gawain 6. Isunod ang malayang talakayan.

Mga Inaasahang sagot

A. Nilalaman

SANGGUNIAN 3

-Ito ay isang Manifesto

-Si Pangulong Emilio Aguinaldo

Ika 5 ng Enero, 1899

-Para sa mga Pilipino
-Sagot ni Pangulong Aguinaldo sa pahayag ni Pangulong McKinley

- d. Ipasagot sa mag-aaral ang Gawain 6B hanggang Gawain 6C.
- e. Iproseso ang mga gawain gamit ang sumusunod na tanong.

Pamprosesong Tanong

- Ilarawan si Emilio Aguinaldo bilang isang pangulo.
- Bakit nagpahayag si Pangulong Aguinaldo ng isang manifesto?
- Bakit tutol si Pangulong Aguinaldo sa pananakop ng United States sa Pilipinas?
- Anong mga katangian ni Pangulong Aguinaldo bilang pinuno ang dapat tularan ng mga lider ng ating bansa?

Inaasahang Sagot

Gawain 6B

1. Mariin ang kanyang pagtutol sa kapangyarihan ng United States sa Pilipinas
2. Hindi kinikilala ng Republika ang kapangyarihan na ibinigay ni McKinley kay Otis bilang Gobernador Militar
3. Itinatangi na nagkaroon siya ng pagsang-ayon sa anumang kasunduan sa pagitan niya at ng mga kinatawan ng US. Ang sipi ay nagsasaad na hindi kinilala ni Aguinaldo ang kapangyarihan ng US sa Pilipinas kahit siya ay nasa Singapore at Hongkong
4. Na ang US ay nakipagdigma sa Spain hindi para sakupin ang Pilipinas kundi upang mapanatiling malaya ang ating bansa.

May 24, 1898	Hunyo 12, 1898
-Paglalakbay pabalik ni Aguinaldo sakay ng barko ng US patungong Cavite -Proklamasyon ni pangulong Aguinaldo ng Digmaan laban sa Spain upang makamit ang kalayaan.	-Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas -Pagwagayway ng bandila n gating bansa sa kauna-unahang pagkakataon.

Inaasahang Sagot

Gawain 6C. Sa iyong palagay?

1. Masasabing nagpupuyos ang kanyang damdamin dahil sa pagtataksil at panlilinlang ng US sa binitawang salita na kikilalanin nito ang kalayaan ng bansa matapos mapaalis ang Spain sa Pilipinas.
2. A. Opo, sapagkat malinaw ang kanyang mga hayagang pagtutol sa soberanya ng United States sa Pilipinas at pagtatalaga kay Otis bilang gobernador-militar (talata 1 , 3 at 4).
2. B. Opo, makikita/mababasa ito sa ikatlo at huling talata kung saan ipinahayag niya ang kanyang kahandaang muling ipaglaban ang bansa sa banta ng pananakop ng Amerika at ang panawagan ng pagkakaisa sa mga Pilipino.

Maaari rin itong isang deklarasyon ng digmaan sapagkat sa mga huling bahagi ng sipi ay mauunawaan ang masidhing pagpapahalaga ni Pangulong Aguinaldo bilang napiling pinuno ng mga Pilipino na pamunuan ang bansa na makamit ang kalayaan at paghimok sa mga Pilipino na ipagpatuloy ito.

3. Ang sagot ay maaaring magkaiba-iba batay sa saloobin ng mga mag-aaral.

Kaugnayan ng Adhikain ng Unang Republika sa Kasalukuyan Sanggunian 5 – Talumpati ng Pangulong Benigno Aquino III

- a. Ipabasa ang Sanggunian 5.
 - b. Ipasagot ang pamprosesong tanong at isagawa ang malayang talakayan.
Inaasahang sagot
1. -pagwawagayway ng bandila sa Kawit, Cavite
-unang pagkumpas ng martsang Lupang Hinirang
-pagpapasinaya ng kalayaan o Proklamasyon ng Kalayaan
-pagtatatag ng Kongreso ng Malolos at Unang Republika
-pagpapatibay ng Konstitusyon ng Malolos
-Ang EDSA Revolution ng 1986
-Halalan ng 2010
 2. Ang ating mga ninuno ay:
-nakipaglaban para sa kalayaan
-nagsama-sama para sa pagtatatag ng Kongreso, pagbuo ng konstitusyon na mangangalaga at titiyak sa karapatan at kalayaan ng bawat Pilipino.
-pumili ng kinatawan ng sambayanan sa namuno at nagtimon sa bansa sa tamang direksyon at naglingkod sa bayan
-inuna ang kanilang bayan at hindi ang personal na interes
-nagpatibay ng Republika
 3. Mga hamon o hadlang sa kalayaan ng Pilipinas sa kasalukuyang panahon:
-kurapsyon
-gutom
-kawalang-katarungan
-bartolina ng kadamutan
-pagkakanya-kanya
-tanikala ng pagbabatuhang sisi
-pagwawalang bahala
 4. (malayang makapagbabahagi ng saloobin ang mga mag-aaral)
Halimbawa: Bilang mag-aaral ay
-pagboto sa mga responsableng kinatawan ng mga mag-aaral
-pagiging tapat sa pagsagot sa modyul o mga pagsusulit

-pakikiisa ng may paggalang sa flag ceremony at flag retreat
-pagiging responsableng mag-aaral upang maging produktibong mamamayan ng kinabukasan
-Maging isang mapanuring mamamayan na may pagpapahalagsa katungkulan at kalayaan at ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagaaral ng mabuti, pagsunod sa mga patakaran, pangangalaga sa kapaligiran at maging aktibo sa mga gwain sa komunidad.

- c. Pasagutan ang Gawain 6D. Ipaalala sa mga mag-aaral na mahalagang balikan ang Sanggunian 1 upang masagot ang unang bahagi ng Gawain (probisyon ng Benevolent Assimilation Proclamation).

Inaasahang Sagot

Gawain 6D Pagsulat ng Manifesto.

Mga probisyon ng Benevolent Assimilation Proclamation

1. Pagpapatupad ng soberanya ng United States sa Pilipinas
2. Pagtatalaga kay Gen. Otis bilang Gobernador Militar;
3. Pagpapairal ng pamahalaang militar na susugpo sa mga hadlang sa pagkakamit nga tahimik at matatag na pamahalaan para sa mga Pilipino;
4. Pamamahala kasama ng mga Pilipinong yayakap at manunmpa ng katapatan sa bandila ng United States;
5. Pagbabayad ng mga buwis at pananagutan ng mga Pilipino sa pamahalaan ng Amerika;
6. Pagkontrol ng Amerika sa pagmamay-arang likas, pampublikong transportasyon, at kalakalang panloob at panlabas ng Pilipinas

Mga Argumento ni Pangulong Emilio Aguinaldo sa kanyang Manifesto


1. Di pagkilala sa kapangyarihan ng US sa Pilipinas at pagpapanatili ng Republika;
2. Pagtutol sa pagtatalaga kay Hen. Otis bilang gobernador militar;
3. Ang panlilinlang ng US sa mga Pilipino sa pamamagitan ng di pagkilala nito sa soberanya at kalayaan ng Republika ng Pilipinas;
4. Ang panawagan niya ng pagkakaisa upang muling labanan ang anumang tangka at banta sa kalayaang tinatamasa maging hanggang sa kamatayan.

Pamamaraan

1. Paggalang at pagsunod sa saligang batas o panuntunan ng aking paaralan;
2. Pagkilala sa karapatan ng kapwa;
3. Pakikiisa sa mga proyekto ng paaralan at pamayanang kinabibilangan;
4. (Bigyang laya na magtala ng iba pang paraan ang mga mag-aaral.)

Alternatibong Gawain/Takdang-Aralin

Netizen! Magpapasulat ng isang reaksyon o repleksyon tungkol sa *manifesto* ni Pangulong Emilio Aguinaldo at talumpati ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Ipagawa ito na isang *facebook status format*. Maaaring *i-print screen* ito at ilagay sa isang *short bond paper*. Gawing gabay ang larawan. Bigyang-diin ang responsableng paggamit ng internet.



Digmaang Pilipino - Amerikano

Sanggunian 6 - Panandang Pangkasaysayan: Tulay ng San Juan Del Monte

- Ipakilala ang Sanggunian 6 sa pamamagitan ng pagbasa sa introduksyon.
- Ipasuri ang mga sanggunian.
- Hatiin ang klase sa 5 pangkat. Ipasagot ang Gawain 7A.

Inaasahang sagot

Gawain 7A Tala-isipan

Nilalaman:

- Unang Putok sa Digmaang Filipino-Amerikano/First Shot in Filipino-American War
- 9:00 sa gabi ng 4 Pebrero 1899/9:00 o'clock in the evening February 4th, 1899
- Private William Grayson (ng First Nebraska Volunteers)

Pagsasakonteksto

- Si Private William Grayson ang unang nagpaputok sa Tulay ng San Juan del Monte, Sta. Mesa, Manila na nagsilbing hudyat ng pagsiklab ng Digmaang Filipino-Amerikano
- Paalala: Ang salitang "Filipino" at "Pilipino" ay tumutukoy sa mamamayang Pilipino ayon sa sanggunian. Tandaan na ang "Filipino" ay ginamit noong panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas.
- Balikan ang *Timeline* na nasa Panimula ng Modyul 1 at ipauugnay sa mga mag-aaral ang pananda sa pagtalakay ng mga mahahalagang pangyayari na naganap sa Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1898 hanggang 1901.
 - Ipasagot ang Gawain 7B.

Inaasahang sagot

Gawain 7B Sa Iyong Palagay.

Bunga ng Digmaan:

1. Sa United States:
 - Napasailalim nito ang Pilipinas.
 - Pagsilang ng Imperyalismo ng Amerika sa Asya.
 - Naglabas ng malaking salapi para sa digmaan.
 - Nagdulot ng pagkakahati ng mga Amerikano.
 - Umani ng batikos mula sa AIL
 - Pagkamatay din ng maraming sundalong Amerikano
2. Sa Pilipinas
 - Pagkawala ng kalayaan
 - Maraming namatay
 - Pagbagsak ng ekonomiya
 - pagkasira ng mga imprastraktura at mga palayan
 - Paglaganap ng kahirapan at tag-gutom
 - Paglaganap ng takot at kawalan ng katahimikan
4. Hayaang magbigay ng sariling opinyon ang mga mag-aaral.

Alternatibong Gawain/Takdang-Aralin/Proyekto ng guro

- a. **Scrapbook Page.** Magpapahanap ang guro ng mga sulat, larawan, tula o awit na nabuo noong panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano at patusulat ang mga mag-aaral ng kanilang reaksiyon/saloobin tungkol sa nakuhang sulat, larawan, tula o awit. Maaari na rin itong gawing lunsaran ng guro para sa isang mini-exhibit tungkol sa digmaang Pilipino-Amerikano.
- b. **Infomercial.** Magpapagawa ang guro ng isang information commercial tungkol sa masamang epekto o dulot ng digmaan. Maaaring magpaggamit ang guro ng video recorder at video player para mapanood ng klase. (Isasagawa ng mga mag-aaral sa loob ng klase kung may panahon).

Paglalatap (Mini-performance)

Pagsulat ng Reflection

- a. Pabalikan sa mga mag-aaral ang mga sanggunian o sipi na nakapaloob sa modyul na ito.
- b. Magpasulat ng repleksyon sa *journal* at gawing gabay ang mga tanong na nasa modyul. Maaaring takdang-aralin o ibigay bilang proyekto.
- c. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga pamantayan na nakapaloob sa *rubric* para sa paggawa ng repleksyon sa journal. Ito rin ang isaalang-alang sa pagmamarka ng *output*.

- Paalala: Ipaliwanag sa mga mag-aaral na maaaring magdagdag ng katangian na di nabanggit sa tseklis. Bigyang-diin ang pagiging matapat sa pagpili ng mga katangian sa tseklis.